## I. MGA ISKEDYUL NG TRABAHO AT ISANG LINGGO NG MAS MAIKLING PAGTATRABAHO -- DRAFT NA RESOLUSYON PARA SA PANDAIGDIG ANG KAPULUNGAN NG SEIU, ABRIL 2020.

**KUNG SAAN**
Ang transportasyon ay isang pangunahing tagapag-ambag sa mga emission ng Green House Gas at climate change, AT

**KUNG SAAN**
Ang mga nagmamaneho papunta at mula sa trabaho ay isang pangunahing bahagi ng sektor ng transportasyon at malaking gastos para sa nagtatrabaho, AT

**KUNG SAAN**
Ang mga iskedyul ng trabaho ay may malaki at madalas na negatibong epekto sa stress, buhay-pamilya, oras sa paglilibang, at pakikipag-ugnayan sa komunidad, AT

**KUNG SAAN**
Ipinapakita ng patunay sa kasaysayan na dinaragdagan ng mas maiikling oras ng trabaho ang pagiging produktibo at pagkasiya sa trabaho, AT

**KUNG SAAN**
Ang mga sektor ng lakas-paggawa ay humaharap sa pagkawala ng trabaho dahil sa automation, AT

**KUNG SAAN**
Hindi nagbago ang 40 oras ng trabaho bawat linggo sa loob ng 85 taon, at kasalukuyang 44 na oras bawat linggo ang karaniwang aktwal na trabaho bawat linggo sa U.S.

**SAMAKUTUWID, NAPAGPASYAHAN ANG SUMUSUNOD**

Bibigyang-priyoridad ng SEIU ang salit-salitang mga iskedyul ng trabaho at lokasyon ng trabaho, kung saan posible, sa pagsasaayos ng trabaho at kolektibong pakikipagsundo, AT

Susuportahan ng SEIU, sa pamamagitan ng pagpapatupad ng batas at kolektibong pakikipagsundo, ang isang kampanyang pambuong bansa para sa isang linggo ng mas maikling pagtatrabaho -- 32 oras sa apat na 8 oras bawat araw -- nang walang bawas

sa sahod, na makakabawas sa milya-milyang binibiyahe ng sasakyan nang 20% at pagpapakalat sa trabaho upang maiwasan ang pagkawala ng trabaho.